

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Tinatawagan ang lahat ng artist sa Lungsod ng Brampton na Ibahagi ang Inyong Kwento

BRAMPTON, ON (Hunyo 4, 2021) – Ang bagong likha ng Lungsod ng Brampton na Arts, Culture and Creative Industry Development Agency (ACCIDA) ay nananawagan sa mga artist na ibahagi ang kanilang mga kwento at itaguyod ang kanilang sining sa isang digital postcard, isang love letter sa Lungsod.

Ang Postcard Project - Share Your Artist Story ay tumatanggap na ngayon ng 20 submisyon ng luma o bagong digital, visual artworks mula sa mga artist, creative, musikero at mga performer ng Brampton para i-display ang kanilang likha sa isang digital postcard. Ibibigay ang konsiderasyon sa mga artist sa labas ng Brampton kanino ang trabaho ay naimpluwensyahan ng Brampton at sa kanilang koneksyon sa Lungsod, na may prayoridad na ibibigay sa mga artist na naninirahan sa Brampton. Ang mga artist na mapili para sa oportunidad na ito ay babayaran ng isang beses na artist fee na \$250.

Bilang bahagi ng Postcard Project – Your Artist Story, ibabahagi ng ACCIDA ang iyong likha, na may artistic credit, sa isang digital postcard sa buong mga social media platform ng ACCIDA at bilang bahagi ng darating na mga inisyatiba na pangpromosyon at pang-marketing. Maaaring magsumite ang mga artist ng maramihang mga imahe at maaaring piliin nang higit sa isang beses, ngunit ang layunin ay ibahagi ang pagkakataon na ito sa maraming artist kung maaari sa loob ng 20 napiling mga likha.

Welcome ang mga artist na saliksikin ang kanilang koneksyon sa Lungsod at magnilay-nilay kung paano ang kanilang praktis sa sining ay nakahuli sa diwa at mga kwento ng Brampton. Ang artwork ay pwedeng bago o lumang orihinal na likha at kabibilangan ng anumang medium, tulad ng: photography, nakasulat na gawa, dokumentasyon ng performance, digital collage at non-digital na mga likha, kabilang ang iginuhit ng kamay na mga ilustrasyon at pintura na maaaring i-digitize ayon sa mga espisipikasyon, Tinatanggap at hinihikayat ang abstract at non-representational na mga likha.

Ang deadline ng pagsumite ay sa Hunyo 17, 2021. Tatasahin ng ACCIDA ang mga submisyon. Para sa karagdagang impormasyon o mga tanong, pakitingnan ang mga detalye [rito](#). Ang mga submisyon ay pwedeng i-email sa accida@brampton.ca na may linya ng paksa na: Your Artist Story.

Mga Quote

“Ang Postcard Project: Share Your Artist Story ay sumusuporta sa bisyon ng Lungsod para baguhin ng Brampton sa 2040 ang umiiral na pangkultural kapaligiran tungo sa umuunlad na eksena sa sining na may oportunidad para sa lahat ng mga artist, creative, musikero at mga performer. Hinihikayat ko ang lahat ng artist sa Lungsod ng Brampton na sabihin sa amin ang inyong mga kwento.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ito ay isang kapana-panabik na panahon para sa Lungsod ng Brampton habang sinisimulan natin ang pagbuo ng mga relasyon sa komunidad ng lokal na sining at kultura. Ang pagpapabahagi sa mga lokal na artist ng kanilang mga kwento ay makakatulong sa ahensya na buuhin ang mahalagang mga ugnayan na ito, at sa ibang banda, nagtataguyod sa likha ng mga artist ng Brampton.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang panawagan para sa mga artist ay makakatulong sa pagtatag ng bagong likha na Arts, Culture and Creative Industry Development Agency na sumusuporta sa isang malakas, mapanlikha at entrepreneurial na komunidad sa Brampton para makatulong sa muling pagtayo ng lokal na ekonomiya sa mundo matapos ang pandemya.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal

Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon

Lungsod ng Brampton

905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca